
SMALL GROUP SESSION
BIBLE STUDY
Lucas 24:36-49
PAGTUKLAS PAG-UNAWA PAGTUGON
PEB
12-18

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Lucas 24:36-49



PAGTUGON



PAG-UNAWA



PAGTUKLAS

# Lucas 24:36-49

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

## Nagpakita si Jesus sa Kanyang mga Alagad

36 Habang pinag-uusapan nila ito, tumayo si Jesus sa
kalagitnaan nila [at nagsabi, “Sumainyo ang kapayapaan!”] 37
Natigilan sila at natakot sapagkat ang akala nila'y nakakita sila
ng multo. 38 Kaya't sinabi ni Jesus, “Bakit kayo natitigilan?
Bakit kayo nag-aalinlangan? 39 Tingnan ninyo ang aking mga
kamay at mga paa. Ako nga ito. Hawakan ninyo ako at
pagmasdan. Ang multo ay walang laman at buto, ngunit ako'y
mayroon, tulad ng nakikita ninyo.”

# Lucas 24:36-49

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

[40 Habang sinasabi niya ito, ipinapakita niya sa kanila ang
kanyang mga kamay at mga paa.]41 Parang hindi pa rin sila
makapaniwala sa laki ng galak at pagkamangha, kaya't tinanong
sila ni Jesus, “May pagkain ba kayo riyan?” 42 Siya'y binigyan
nila ng isang hiwa ng isdang inihaw. 43 Kinuha niya ito at kinain
sa harap nila. 44 Pagkatapos ay sinabi niya sa kanila, “Ito ang
tinutukoy ko nang sabihin ko sa inyo noong kasa-kasama pa
ninyo ako: dapat matupad ang lahat ng nasusulat tungkol sa
akin sa Kautusan ni Moises, sa aklat ng mga propeta, at sa aklat
ng mga Awit.”

# Lucas 24:36-49

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

45 Binuksan niya ang kanilang pag-iisip upang maunawaan nila
ang mga Kasulatan. 46 Sinabi niya sa kanila, “Ganito ang
nasusulat: kinakailangang magdusa at mamatay ang Cristo; at
pagkatapos, siya'y muling mabubuhay sa ikatlong araw. 47 Sa
kanyang pangalan, ang pagsisisi at kapatawaran ng mga
kasalanan ay dapat ipangaral sa lahat ng mga bansa, magmula
sa Jerusalem. 48 Kayo ang mga saksi sa mga bagay na ito. 49
Tandaan ninyo, isusugo ko sa inyo ang ipinangako ng aking Ama,
kaya't huwag kayong aalis sa Jerusalem hangga't hindi kayo
napagkakalooban ng kapangyarihang mula sa langit.”

"Bilang tagasunod ni Kristo, ibabahagi ko sa iba kung sino Siya para sa akin, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu."

MAHALAGANG
PRINSIPYO
SA BUHAY




Ano ang unang reaksyon ng mga disipulo pagkakita nila nila kay Hesus at anong dahilan ng ganung reaksyon nila?



# 2

Lucas 24:36-49

## PAGTUKLAS

Anong ginawa ni Hesus para pumayapa ang isip nila at makumbinsi sila na Siya nga ito kung sino daw Siya?




Anong papel ang sinabi ni Hesus na gagampanan ng mga disipulo sa plano ng Diyos at anong tinukoy na instruksyon ang binigay para makatulong sa kanilang ikatatagumpay?




Kahit nasabi na dati ni Hesus sa mga disipulo ang tungkol sa propesiya sa Kanya, bakit kaya hindi nila naunawaan ito, at nagulat pa rin sila?






Ano ang ibig sabihin ng pagiging isang saksi? Bakit kwalipikado ang mga disipulo na maging saksi para kay Hesus?





# 3

Lucas 24:36-49

**PAG-UNAWA**

Bakit napakahalaga na umasa sa pangunguna at kapangyarihan ng Banal na Espiritu kapag nagpapatotoo? Kung alam natin kung sino si Hesus, hindi ba pwedeng basta humayo tayo at magpatotoo sa iba ng kung sino Siya nang sa sarili lang natin?






Bilang tagasunod ni Hesus, tayo ay tinawag para ipagsabi sa iba kung sino Siya. Sino si Hesus para sa iyo? Paano mo Siya naranasan sa buhay mo?




Ano ang mga hadlang o mahirap sa iyo para maibahagi mo si Hesus sa iba? Ano ang maaari mong gawin tungkol dito?




Paano ka magiging mabuting saksi o patotoo para kay Hesus?

“Bilang tagasunod ni Kristo, ibababahagi ko sa iba kung sino Siya para sa akin, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.”

MAHALAGANG
PRINSIPYO
SA BUHAY

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Lucas 24:36-49



PAGTUGON



PAG-UNAWA




PAGTUKLAS



Small Group Sessions

# CLOSING PRAYER


SMALL GROUP SESSION
BIBLE STUDY
Lucas 24:36-49
DISCOVERY UNDERSTANDING APPLICATION
///////SEE YOU NEXT WEEK


KBCF
Kamuning Bible Christian Fellowship
#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines
Worship Service Schedule: 9am
Livestream: Facebook and YouTube
kbcf.org.ph
KBCFofficial
KBCFamily
kbcf.office@gmail.com
0917-886-6650
8927-7420 | 8928-6584